

# Pag-seguro ng Pagtatapos ng 8<sup>th</sup> Wave COVID-19 (Buod)

Napagpasyahan : 2023 Marso 3  
Gifu Prefectural COVID-19 Infection Countermeasures HQ

Alinsunod sa patakaran ng Gobyerno, ang mga detalye ng diskarte sa pagsusuot ng mask sa Gifu ay nakasaad sa attachment. Hinihiling namin sa inyo na magsuot ng mask kung naaangkop, at patuloy na sundin ang mga Preventive Measures upang matiyak ang pagtatapos ng 8th wave.

## <Hinihiling na Kooperasyon mula sa mga Mamamayan ng Gifu>

- Agarang pagpapabakuna
- Masusing pagpapatupad ng basic infection preventive measures
- Gumamit lamang ng mga emergency services at ambulansya kung talagang kinakailangan
- Iwasan ang mga kilos na hahantong sa pagkalat ng impeksyon, tulad ng pagpunta sa mataong lugar o mga lugar kung saan mataas ang panganib ng impeksyon
- Maingat na isaalang-alang ang tahimik na kainan at inuman na may malaking bilang ng tao at mag-suot ng mask kapag makikipag-usap.

## Pamamaraan sa pagsuot ng mask sa Gifu

- Dahil ginagalang ang independent choice ng mga indibidwal, nasa sariling pagpapasya ang pagsuot ng mask o hindi.
- Inirerekomenda magsuot ng mask sa mga sumusunod na sitwasyon:
  - Kapag nagpapa-medical exam.
  - Kapag bumibisita sa medical institutions, pasilidad para sa mga matatanda, o para sa mga may disabilidad.
  - Sa araw ng trabaho kung nagtatrabaho ka sa isang medical institution, pasilidad para sa mga matatanda, o para sa mga may disabilidad.
  - Kapag gumagamit ng masikip na pampublikong transportasyon tulad ng mga tren at bus. (pansamantala)
  - Kapag pumupunta sa mataong lugar at may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman. (Mga taong may edad na 65 pataas, mga taong may underlying health conditions, mga buntis, atbp.)
- Anuman ang mga sitwasyong nakalista sa itaas, iwasang lumabas kung alinman sa mga sumusunod ang naaangkop, at magsuot ng mask kung hindi maiiwasan ang paglabas:
  - Kung may sintomas ng COVID (runny nose, baradong ilong, sore throat, ubo, lagnat, sobrang bigat o tamlay ng katawan, sakit ng ulo, pagtatae).
  - Nagpositibo sa COVID-19, kahit na wala kang sintomas
  - Isang miyembro ng pamilya na kasama ay na-test na positibo sa COVID-19, kahit na sila ay walang sintomas.
- Para sa mga may sintomas, magsuot ng mask kapag kasama mo ang mga miyembro ng pamilya (lalo na kung mayroong isang tao sa sambahayan na may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman).